Reporma sa Rate, QIP, at Mga Update sa Direktoryo ng mga Tagapagkaloob

Nobyembre 24, 2025

Patapos na ang taon, ngunit patuloy pa rin ang pagsisikap na mapabuti ang imprastraktura at kinabukasan ng sistema ng mga serbisyo para sa mga may kapansanan sa pag-unlad ng California! Nasa ibaba ang pinakabagong impormasyon at mga bagay ng aksyon na sumusuporta sa pag-usad ng reporma sa rata, ang Quality Incentive Program (QIP), at ang Direktoryo ng Tagapagkaloob. Nagpapasalamat kami sa inyong patuloy na pakikipagtulungan at pamumuhunan upang maging matagumpay ang mga pagsisikap na ito.

Ang lahat ng nakaraang edisyon ng mga update na ito ay mababasa sa direktiba ng reporma sa rate at mga update sa webpage.

Update sa Reporma sa Rata:

- Ia-update at ipo-post ang mga singil ng tagapagkaloob sa Mga Reimburesment Rates webpage nang hindi lalampas sa Enero 1, 2026. Ang mga na-update na rate na ito ay magpapakita lamang ng mga pagtaas ng minimum na sahod sa 2026, Internal Revenue Service (IRS) at Social Security Income (SSI). Ang mga pagtaas na ito ay kasama sa mga na-update na singil para sa lahat ng service code na kasama sa reporma sa singil at hindi na kailangang magsumite ng mga kahilingan para sa mga pagtaas na ito sa Kagawaran ang mga provider.
- Maaaring patuloy na gamitin ng mga tagapagkaloob ng Serbisyo sa Araw ang kanilang kasalukuyang pamamaraan ng pagsingil (araw-araw o oras-oras) gaya ng nakasaad sa Day Services Directive sa Disyembre 2024.. Magpapatuloy ito hanggang sa maglabas ang Kagawaran ng karagdagang patnubay.
- Tinutugunan ng Kagawaran ang feedback ng mga tagapagkaloob ng serbisyo upang suriin ang mga posibleng pagsasaayos ng singil para sa Transportation Company (875), Transportation-Additional Component (880), Transportation Broker (883). Ipinadala ang mga survey sa lahat ng tagapagkaloob sa mga lugar na ito gamit ang mga email ng tagapagkaloob na nakalista sa Provider Directory, at ang huling araw ng pagbabalik ng mga ito ay Nobyembre 22, 2025. Ang mga survey ay nagbigay

sa mga tagapagkaloob sa mga lugar na ito ng pagkakataong iulat ang mga gastusin na nauugnay sa mga lugar na lubhang masikip ang trapiko, mga pagkakaiba sa pagitan ng oras/gastos para sa transportasyong hindi para sa paglalakad o para sa paglalakad, at mga bahagi ng serbisyo ng mga serbisyo ng broker ng transportasyon.

- Ang mga bagong na-update na rata at pamamaraan ng pagsingil para sa Transportation Company (875) at Transportation Broker (883) ay nagkabisa noong Nobyembre 1, 2025.
- Ang mga worksheet sa singil sa residensyal para sa mga tahanang nasa Antas 7 (Mga Pasilidad ng Residential para sa mga Matatanda na may Espesyalisadong Pangangailangan sa Pangangalagang Pangkalusugan/ARFPSHN at Mga Espesyalisadong Pasilidad ng Residential/SRF) ay sinusuri ng Kagawaran at ng HMA/Burns. Ipinadala ang mga survey sa mga tagapagkaloob ng serbsiyo gamit ang mga email contact sa Provider Directory noong Oktubre 16, 2025, at dapat ipasa bago ang Nobyembre 17, 2025. Gagamitin ang impormasyong ito upang higit pang suriin ang mga worksheet ng rata.
- Layunin ng Kagawaran na magtatag ng modelo ng singil para sa Tailored Day Services (TDS). Kabilang dito ang pag-iiskedyul ng mga workgroup ng tagapagkaloob simula sa unang bahagi ng 2026 para sa input at kolaborasyon.
- Nagpapatuloy ang mga oportunidad sa oras ng opisina para sa mga sentrong pangrehiyon dalawang beses sa isang buwan upang magbigay ng tulong sa pagpapatupad ng reporma sa singil, kabilang ang lahat ng mga paksang nabanggit. Kung nais mo ng karagdagang impormasyon kung paano sumali, mag-email sa ratesquestions@dds.ca.gov .
- Karamihan sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ay lumipat na sa mga kodigo ng serbsiyo na naaayon sa mga serbisyong ibinibigay, ngunit may ilang tagapagkaloob ng serbisyo na hindi gaanong akma sa mga rate reform service code, o ang kanilang kasalukuyang kodigo ng serbsiyoay walang modelo ng rata. Gumamit ang Kagawaran ng isang proseso ng eksepsiyon upang repasuhin ang mga serbisyong ito at tukuyin kung may mga modelo ng singil na maaari nilang "matawid" at kung hindi, maaaring magpatuloy ang mga vendor na ito sa kanilang kasalukuyang mga service code nang may aprubadong eksepsiyon. Para sa mga serbisyong nakatanggap ng exemption, titingnan natin ngayon kung paano natin pinakamahusay na masusuportahan ang mga partikular na lugar na ito sa mga susunod na panahon. Ang mga pangunahing kategoryang hindi

sakop ay ang Libangan Panlipunan, mga serbisyong 1:1, Koordinasyong Medikal, Paghahanap ng Proyekto/mga katulad na programa, at mga programang Kolehiyo-hanggang-Karera. Magtatatag ng mga workgroup upang tugunan ang mga aspetong ito simula sa unang bahagi ng 2026.

Update sa Quality Incentive Program (QIP):

- Simula Nobyembre 3, 2025, ang mga tagapagkaloob ng serbisyo na nagpatakbo at naghatid ng mga serbisyo sa mga indibidwal sa taong piskal (FY) 2024-25 ay nagsimulang makatanggap ng isang natatanging hyperlink sa isang survey(s) na dapat nilang kumpletuhin upang makuha ang bahagi ng QIP ng kanilang rats na epektibo Hulyo 1, 2026, hanggang Hunyo 30, 2027 (FY 2026-27). Dapat isumite ng mga tagapagkaloob ng serbisyo ang kanilang mga nakumpletong survey bago ang Enero 31, 2026, at matugunan ang mga kinakailangang nakalista sa ibaba upang makuha ang buong bahagi ng QIP ng kanilang rata.
- Para makuha ang bahagi ng QIP (hanggang 10%) ng kanilang rata para sa FY 2026-27, dapat suriin at kumpletuhin ng mga tagapagkaloob ng serbsiyo ang mga hakbang sa checklist ng tagapagkaloob , kabilang ang:
    - Kumpletuhin ang QIP survey(s) na ipinadala sa mga email address na nakarehistro at napatunayan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa direktoryo ng tagapagkaloob.
    - Tiyaking sumusunod sa mga independiyenteng pag-awdit o pagsusuri, Electronic Visit Verification (EVV), at pagsunod sa pinal na tuntunin ng Home and Community Based Settings (HCBS) bago ang Pebrero 28, 2026. Mas detalyadong impormasyon tungkol sa mga kinakailangang ito ay matatagpuan dito Direktiba ng QIP.
- Ang mga fact sheet, gabay sa gumagamit, mga bersyon ng mga direktiba na nasa simpleng wika, at iba pang kapaki-pakinabang na mapagkukunan para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ay naidagdag na sa webpage ng QIP. sa ilalim ng mga tab na Pangkalahatang-ideya ng QIP, Pag-iwas at Kagalingan, at Trabaho, at Kapasidad ng Tagapagkaloob ng Serbisyo. Patuloy na idadagdag ang mga karagdagang mapagkukunan at

pagsasanay sa webpage sa buong panahon ng pangongolekta ng datos (Nobyembre 2025 – Enero 2026). Hinihikayat ang mga tagapagkaloob ng serbisyo na repasuhin ang mga materyales at video ng pagsasanay na ito bago simulan ang kanilang mga survey.

- Magpupulong ang mga focus group simula Enero 2026 upang talakayin ang mga potensyal na hakbang sa pag-uulat para sa mga sumusunod na bagong pagpapangkat ng QIP service code: 1) Mga Programa sa Araw, 2) Mga Kasanayan sa Malayang Pamumuhay, Sinusuportahang Pamumuhay, at Pahinga, at 3) Mga Serbisyo sa Pag-uugali. Maaaring tumugon dito ang mga interesadong indibidwal, pamilya, tagapagtaguyod, at tagapagkaloob ng serbisyo isang survey ng interes ng focus group na isasaalang-alang para sa partisipasyon sa hinaharap.
- **Ang susunod na kafa ikatlong buwan na QIP Workgroup na pagpupulong ay gaganapin sa Disyembre 15, 2025, mula 2 pm hanggang 4 pm.** Kasama sa virtual na pagpupulong na ito ang impormasyon tungkol sa pag-uulat ng tagapagkaloob at pakikilahok sa mga hakbang sa pag-uulat ng QIP. na inilunsad noong Nobyembre 3, 2025. Isasama rin dito ang impormasyon tungkol sa mga minsanang hakbang na insentibo, na matatapos sa katapusan ng Nobyembre 2025, at ang mga paparating na focus group at pagbuo ng mga hakbang na QIP upang magbigay-alam sa mga rata ng tagapagkaloob para sa FY 2027-28. Ang impormasyon sa pagpaparehistro para sa pulong na ito ay ipo-post sa Webpage ng mga kaganapan ng stakeholder ng Kagawaran bago ang pulong.

Direktoryo ng Tagapagkaloob ng Serbisyo at Update sa Standardized Vendorization

- Ang Direktoryo ngayon ay mayroon nang mga built-in na digital na kagamitan, tulad ng mga awtomatikong abiso sa email, mga paalala para sa mga timeline, kasaysayan ng komunikasyon at mga pinagsamang serbisyo tulad ng pagpapatunay ng address at Adobe e-signature.
- Nabuo na ang bago at karaniwang paraan para maging mga vendor ang mga tagapagkaloob ng serbsiyo sa pamamagitan ng Provider Directory, at nakumpleto na ang User Acceptance

Testing. Ito ay tinatawag na Standardized Vendorization (vendorization).

- Ang mga hakbang sa vendorization at mga takdang panahon ng pagproseso sa Direktoryo ng Tagapagkaloob ay maaaring tingnan sa dokumentong Mga Hakbang at Tugon sa Vendorization .
- Naglabas ang Kagawaran ng isang direktiba sa standardized vendorization noong Nobyembre 14, 2025, kasama ang isang template ng webpage para sa mga sentrong pangrehiyon upang magdagdag ng webpage na "Paano Maging Isang Tagapagkaloob ng Serbisyo" sa kanilang mga sityo.
    - **Simula Disyembre 3, 2025** , maaaring simulan ng mga potensyal na tagapagkaloob ang proseso ng vendorization sa Direktoryo.
    - **Simula Marso 1, 2026**, lahat ng vendorization (*hindi kasama ang Self Determination Program at ang susunod na sub-bullet sa ibaba*) ay dapat gawin sa Direktoryo.
    - Ang mga aplikasyon para sa vendorization na may Purchase Reimbursement (kodigo ng serbsiyo 024) ay maaaring patuloy na manu-manong isumite hanggang Hunyo 30, 2026; at epektibo Hulyo 1, 2026, ay dapat kumpletuhin sa Direktoryo ng Tagapagkaloob.
- Nagsagawa ang Kagawaran ng mga demo ng vendorization portal para sa mga regional center upang magbigay ng kamalayan sa disenyo at mga pangkalahatang-ideya sa mataas na antas kung paano maging isang vendor gamit ang Direcktoryo.
- Magdaraos ang Kagawaran ng isang pangkalahatang-ideya ng proseso ng standardized vendorization para sa mga tagapagakloob ng serbisyo sa isang Town Hall sa Disyembre 2. Ang mga detalye kung paano magparehistro ay nasa Pahina ng kaganapan ng Kagawaran .
- Ang mga gabay na sunud-sunod, mga naitalang video, mga FAQ at iba pang mga mapagkukunan ay makukuha sa website ng Kagawaran sa unang linggo ng Disyembre.
- Magkakaroon ng mga oras ng opisina para sa mga regional center pagkatapos ilunsad ang portal ng vendorization upang makatulong sa pagsagot sa mga tanong at magbigay ng teknikal na tulong. Ang impormasyon tungkol sa iskedyul at kung paano dumalo ay ibibigay sa pamamagitan ng email. Dapat makipag-ugnayan ang mga tagapagaloob ng serbisyo sa kanilang vendoring regional center para sa anumang mga katanungan.

Mga Pagbabayad ng Insentibo sa QIP na Minsanan

Panukala ng QIP (Mga Tagubilin sa Pagbabayad ng Insentibo sa mga RC)	Inilabas ang Listahan ng Insentibo sa mga Sentrong Pangtehiyon	Mga Kalahok/Pagbabayad	Halaga na Binayaran sa Mga Tagapagbigay
Survey sa DSP Workforce 2022 (1)	9/30/2022	1,492	$11,936,000
Survey sa DSP Workforce 2022 (2)	12/15/2022	398	$3,184,000
Survey sa DSP Workforce 2022 (3)	1/12/2023	211	$1,688,000
Survey sa DSP Workforce 2023 (1)	11/22/2023	1,479	$11,832,000
Survey sa DSP Workforce 2023 (2)	1/19/2024	227	$1,816,000
Pag-iwas at Kagalingan FY 22/23	9/29/2023	15	$86,000
Kapasidad ng Trabaho FY 23/24 (Q1)	2/23/2024	100	$342,125
Access sa Trabaho FY 23/24 (Q1)	3/1/2024	116	$161,500
Kapasidad ng Trabaho FY 23/24 (Q2)	5/1/2024	39	$117,000
Access sa Trabaho FY 23/24 (Q2)	8/6/2024	217	$316,500
Maagang Interbensyon 2024 (Q1)	10/4/2024	24,723	$6,647,500
Kapasidad ng Trabaho FY 23/24 (Q3)	3/7/2025	119	$327,000
Survey sa DSP Workforce 2024 (1 pinagsamang listahan ng insentibo)	3/13/2025	1,794	$14,352,000
Maagang Interbensyon 2024 (Q1, Q2, Q3, Q4)	3/14/2025	87,109	$23,636,000
Access sa Trabaho FY 23/24 (Q3)	4/9/2025	534	$386,500

Direktoryo ng Tagapagbigay	4/17/2025	6,319	$11,848,250
Pag-iwas at Kagalingan FY 23/24	4/15/2025	1,085	$1,226,400
Access sa Trabaho FY 23/24 (Q4)	4/15/2025	413	$281,500
Kapasidad ng Trabaho FY 23/24 (Q4)	6/13/2025	237	$703,875
Access sa Trabaho FY 24/25 (Q1)	6/12/2025	267	$190,500
Kapasidad ng Trabaho FY 24/25 (Q1)	6/12/2025	193	$567,124
Access sa Trabaho 24/25 (Q2)	7/22/2025	266	$181,200
Kapasidad sa Trabaho 24/25 (Q2)	7/16/2025	42	$126,000
Kapasidad sa Trabaho 24/25 (Q3)	9/12/2025	201	$591,125
Access sa Trabaho 24/25 (Q3)	10/17/2025	528	$363,500
Direktoryo ng Tagapagbigay - Wave 2	*11/25/2025	*Nakabinbin*	*Nakabinbin*
Maagang Interbensyon 2024 (Final Sweep: Q1 - Q4)	*11/25/2025	*Nakabinbin*	*Nakabinbin*
Access sa Trabaho 24/25 (Q4)	*12/4/2025	*Nakabinbin*	*Nakabinbin*
Kapasidad ng Trabaho 24/25 (Q4)	*12/4/2025	*Nakabinbin*	*Nakabinbin*

**Pansamantalang Petsa ng Paglabas*

Kung May Mga Katanungan:

Email para sa Reporma sa Rata: ratesquestions@dds.ca.gov
Email ng QIP: QIPquestions@dds.ca.gov
Email para sa Direktoryo ng mga Tagapagkaloob: providerdirectory@dds.ca.gov.